

# Ang Nobelang “Si Amapola sa 65 na Kabanata” ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino / *Ricky Lee’s Novel “Si Amapola sa 65 na Kabanata” as a Gay Counter-Discourse Directed at the Homophobic Filipino Consciousness*

**Feorillo Petronilo A. Demeterio III, Ph.D.**

Pamantasang De La Salle-Maynila

feorillodemeterio@gmail.com

Sinusuri ng papel na ito ang nobelang *Amapola sa 65 na Kabanata* ni Ricardo, o Ricky, Lee bilang isang panitikang pambakla na may nakakubling kapangyarihan na maaaring humamon sa laganap pa ring homopobiya ng kamalayang Filipino. May apat na bahagi ang papel na ito. Una dito ay ang introduksiyon na tumatalakay sa buod ng naturang nobela, sa maikling intelektuwal na talambuhay ng may-akda, at sa kabuuang pakay ng papel na ito. Pangalawa dito ay ang isang paglalahad sa mga konteksto at inter-tekstong ginagamit at pinapakinabangan ni Lee para banayad na mapadaloy ang kaniyang kuwento at mensahe. Pangatlo dito ay ang paghahayag at paghihimay sa may limang tiyak na estratehiya na bumubuo sa kontra-diskursibong lakas ng naturang nobela. Pang-apat dito ay ang kongklusyon na nagbibigay buod sa mga puntos na inilatag ng papel na ito kasama na ang pagbigay diin na may taglay na potensiyal ang naturang nobela sa pag-ambag sa kolektibong gawain tungkol sa pagtibag at paglusaw sa homopobiyang umiiral sa kamalayang Pilipino.

**Mga susing salita:** *Amapola sa 65 na Kabanata*, Ricardo/Ricky Lee, Kontra-Diskursong Bakla, Araling Pambakla sa Pilipinas

*This paper analyzes the novel Amapola sa 65 na Kabanata, written by Ricardo, or Ricky, Lee, as a gay literature that possesses a covert power that can challenge the still homophobic Filipino mentality. This paper has four parts. The first one is an introduction that tackles the summary of the said novel, the short intellectual biography of the writer, and the overall intentions of the paper. The second one is an exposition of the contexts and inter-texts that were used and exploited by Lee in order to smoothly push forward his story and message. The third one is the discussion and scrutiny of some five specific strategies that constitute the counter-discursive force of the novel. The fourth one is the conclusion that summarizes the points that were laid down by this paper including the emphasis that the novel holds certain potential that can contribute towards the collective project of addressing the homophobia that persists in the Filipino consciousness.*

**Keywords:** *Amapola sa 65 na Kabanata, Ricardo/Ricky Lee, Gay Counter-Discourse, Gay Studies in the Philippines*

Binasa ko ang nobelang *Si Amapola sa 65 na Kabanata* ni Ricardo Lee, o Ricky Lee, habang sakay sa isang eroplanong patungong Bangkok. Pinili kong dalhin ang akdang ito sa aking biyahe dahil alam kong magaan lamang at nakatatawa ang nilalaman nito at hindi magdadagdag ng stress sa inaasahan kong siksik at mabigat na business trip sa mga pamantasan ng Mahidol at Thammasat. Noong ikalawang araw pa lamang ng aking pagdating sa lungsod na iyon ay natapos ko nang basahin ang nasabing libro. Kaya nagkaroon ako ng sapat na panahon para mapagnilayan nang mas malalalim ang mga mensaheng nakapaloob sa kuwento ni Amapola, ang baklang manananggal.

Nagkataon na ang Dusit Thani Hotel na naging aking pansamantalang tirahan ay naroon mismo sa distrito ng Patpong kung saan nakabalandra ang tanyag nang mga tiangge at adult entertainment establishment ng Bangkok. Matapos kong madaanan ang dalawang gay alley ng Patpong na lantarang nag-aalok ng aliw sa internasyonal nitong kliyente, hindi ko mapigilang ipaghambing ang mga ito sa nakakubling mundo ng mga baklang Manilenyo. Sa Malate man o sa mga kalye ng Timog at Morato, na nagsisilbing pangunahing tagpuan ng nobelang *Amapola*, o sa anumang pook sa Metro Manila, ay hindi natin makikita ang kahalintulad na kalakaran. Kapag iisipin mo pala ang kalagayan ng mga baklang Manilenyo habang nakatayo ka sa pusod ng Patpong ay mararamdaman mo kung gaano kahomopobiko ang kamalayan nating mga Pilipino. Para sa isang karaniwang Pilipino, hahayaan na lamang niyang mapahamak ang mga baklang kababayan sa ganid ng mga mangongotong na pulis, ng mga manlolokong bugaw, at mga bayolenteng call boy, o hindi kaya sa samu't saring sakit na dulot sa isang hindi regulado at patagong industriya, kaysa magkakaroon ang mga baklang kababayang ito ng isang ligtas, malinis at disenteng espasyo kung saan maihayag at mairaos nila ang kanilang naiibang seksuwalidad. Kung mahirap maging isang bakla sa Metro Manila, na siyang itinuturing na pinakaliberal at progresibong lungsod sa ating kapuluan, paano na kaya sa ibang parte ng Pilipinas?

Ang pagiging homopobiko ng kamalayan nating mga Pilipino ay marahil aspekto lamang sa mas malawak at mas nakaugat nating patriyarkal na kamalayan na nabuo mula sa matagal nating pagkasakop sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol at Amerikano. Ang hegemonya ng ating homopobikong kamalayang ay pinapanatili at nililikha muli (*reproduce/replicate*) sa pamamagitan ng mga diskurso at gawain (*practices*) ng ating kultura kung saan hindi binibigyan ng puwang, o hindi kaya ginagawang marhinalisado, ang mga bakla, maliban sa pagtatanghal sa kalalakihan bilang makapangyarihan na kasarian. Kaya kahit pa man makikita natin ang presensiya ng mga bakla sa ating kulturang popular, kadalasan ipinipresenta sila bilang mga borlolooy at nakatatawang espektakulo lamang.

Ngunit ang tila monolitikong pagkahomopobiko ng kamalayan nating mga Pilipino ay unti-unti na ring tinitibag ng mga kontra-diskursong bakla na humugot ng lakas at inspirasyon mula sa mga umusbong noong kilusang feminismo at gay studies sa loob at labas ng ating bansa. Hindi katulad sa mga dominante, homopobiko at patriyarkal na diskurso at gawain, ang kontra-diskursong bakla ay naglalaan ng sapat na espasyo sa mga baklang karakter at tema para mulatin ang lipunan tungkol sa kanilang naaapi at marhinalisadong kalagayan, kung hindi man nito diretsahang pinupuna ang mga kontradiksiyon at artipaktuwalidad (*artifactuality*) ng naghaharing kamalayang pangkasarian. Iba't iba man ang kahulugan ng nobelang *Amapola* sa iba't iba nitong mambabasa, walang duda na isa sa mga pinakamatingkad nitong kahulugan ay ang pagiging isang literaturang humahamon sa laganap at nakaugat nang homopobiya sa kamalayan nating mga Pilipino dala ang pag-asang sisikat din ang araw kung kailan ang mga bakla nating mga kapatid ay lubusan at bukas loob na nating tinatanggap bilang mga kapuwa tao at kapuwa Pilipino. Ito ang dahilan kung bakit pormal kong susuriin ang nasabing nobela bilang isang kontra-diskursong bakla.

Ang nobelang *Amapola* ay isang kuwento tungkol sa masalimuot na mundo ni Amapola, ang bida at pangunahing karakter na isang baklang impersonator, performer at stand-up comedian sa isang comedy bar sa distrito ng Timog at Morato sa lungsod ng Quezon. "Amapola" ang kaniyang naging pangalan dahil ito ang paboritong awitin noon ng ama ng babaeng umampon sa kaniya, si Nanay Angie. Sa wikang Espanyol, isang uri ng bulaklak ang "Amapola." Bata pa lamang si Amapola ay alam na ni Nanay Angie na may multiple personality disorder siya, dahil minsan siya daw ay si Isaac na lumaking isang machong lalaki na may naging girlfriend pa na si Giselle, at habang minsan naman ay siya raw si Zaldy na lumaking isang klosetang Inglesero na ang social life ay nakatuon lamang sa kaniyang laptop at internet connection.

Umibig si Amapola sa kaniyang kapuwa empleyado, ang biyudong waiter na si Homer na ama naman ni Truman. Naging mas komplikado ang kaniyang buhay nang malaman niyang isa pala siyang manananggal. Kahit sigurado siyang may pag-asang ibigin siya nang tunay ni Homer kahit isa siyang bakla, natatakot siyang hindi siya tatanggapin nito bilang isang manananggal. May dalawang uri man ng manananggal, ang "kagumay" na laman ng hayop lamang ang kinakain, at ang "tungkab" na talagang laman ng tao ang kinakain, inisip ni Amapola na si Homer at ang maraming Pilipino ay walang pakialam na siya ay isang kagumay lamang, dahil para sa kanila, lahat ng manananggal ay masama at dapat lamang patayin.

Tila hindi pa nakuntento ang tadhana sa pagpapahirap sa kaniyang buhay, dahil isang araw ay nilapitan si Amapola ng kaniyang lola sa tuhod, si Lola Sepa, na nilakbay ang panahon mula pa noong rebolusyong Espanyol para hagilapin siya at pagsabihang hindi siya ordinaryong manananggal, sapagkat may mahalaga raw siyang tungkulin na iligtas ang bayang Pilipinas mula sa kasamaan at ipaglaban ang karapatan ng mga kagumay bilang mga tao at Pilipino. Ngunit dapat paghahandaan ito ni Amapola, at kasama sa paghahanda niya ay ang pagsantabi sa kaniyang dalawang alter

ego. Ikinalulungkot man ito ni Amapola at Nanay Angie dahil minahal na nila sina Isaac at Zaldy bilang kapatid at anak, at ikinagalit man ito nang labis ni Giselle, ang girlfriend ni Isaac, nasunod ang gusto ni Lola Sepa. Parang bakla at hating bersiyon ni Darna, ginampanan ni Amapola ang kaniyang bagong papel bilang tagapagligtas ng mga Pilipinong nasa iba't ibang bingit ng panganib.

Minahal man si Amapola ng masang Pilipino, hindi siya matanggap ng mga makapangyarihang politiko at mga pakialamerong Amerikano dahil para sa kanila, lahat ng manananggal ay masama at nagbubukas ng hindi pangkaraniwang pagkakataon na maaaring pagsamantalahan ng mga terorista. Kaya naging katunggali ni Amapola ang bagong halal na presidente ng bansa, ang dating si Congressman Trono na isang nasyonalista at anti-imperyalistang tuta ng mga Amerikano. Bago pa man siya mahalal bilang presidente ay nakapagtayo na si Trono ng pangkat ng mga boluntaryo, ang Aswang Patrollers, na ang tanging misyon ay tugisin ang mga manananggal, kagumay man o tungkab. Kasama si Homer sa pangkat na ito dahil may dala-dala pala siyang malalim na galit sa mga manananggal.

Sa harap ng mga nararanasang pagsubok sa kaniyang personal na buhay pag-ibig at sa kaniyang pampublikong buhay bilang tagapagligtas ay bigla na lamang umusbong ang isa pang katunggali, si Montero ang kinikilalang tagalipol ng mga tungkab. Habang hinahanap niya ang kinidnap na si Nanay Angie ay nadiskubre ni Amapola na si Montero ay isa lang pala niyang bagong alter ego na mas malakas ang presensiya kung ihahambing kina Isaac at Zaldy. Muli niyang naisantabi at napatahimik si Montero, kagaya ng ginawa niya noon kina Isaac at Zaldy, ngunit bumalik naman si Giselle na isa na ngayong mataba at buntis na manananggal para ipaghiganti ang paglaho ng kaniyang boyfriend na si Isaac.

Nagtapos ang nobela sa isang madugong sagupaan doon sa distrito ng Timog at Morato ng mga kagumay, tungkab, Aswang Patrollers, at mga sundalo ng Armed Forces. Pinaulanan ng mga puwersa ng pamahalaan ng asin na may

halong bawang at buntot ng pagi ang distritong ito na ikinahina ng mga manananggal na binabari naman gamit ang mga balang may pulburang hinaluan din ng bawang at buntot ng pagi. Matapos magpaalam ang sugatan at nanghihina nang si Amapola kay Homer, lumipad siya palayo sa nasabing distrito.

Ang nobelang *Amapola* ay ang pangalawang pagtangka ni Lee na pasukin ang mas seryoso, mas klasiko at mas matatag na mundo ng nobela, matapos niyang mailathala noong 2008 ang kaniyang unang nobelang *Para kay B: O Paano Dinevastate ng Pag-ibig ang 4 out of 5 sa Atin*. Si Lee ay mas kilala bilang scriptwriter na may mahigit nang 150 na screenplay na naisapelikula at mahigit 50 na tropeo na nagpapatunay sa kaniyang husay mula sa iba't ibang lokal at internasyonal na kompetisyon at organisasyon. Ipinanganak siya sa Daet, Camarines Norte noong 1948, at nagsumikap magsulat para matakasan ang kahirapan ng kaniyang pamilya. Nang matanggap niya ang limampung pisong bayad mula sa *Philippine Free Press* para sa kaniyang maikling kuwento, nagdesisyon siyang hanapin ang kaniyang kinabukasan sa Maynila. Habang sinusuportahan niya ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng samu't saring trabaho, nag-aral siya ng Ingles sa Pamantasan ng Pilipinas. Kalaunan ay nasangkot siya sa aktibismong lumalaganap noon sa kaniyang pamantasan. Dito nakaugat ang mga panlipunang tema na tinatalakay niya sa kaniyang mga obra.

Nang idineklara ang Batas Militar, naging balakid ito sa kaniyang pagtatapos sa kaniyang akademikong programa at daan sa kaniyang pagkakulong noong 1974. Matapos siyang makalaya sumubok siyang magsulat ng script para sa pelikula. Nakamtan niya ang unang tagumpay bilang scriptwriter sa pamamagitan ng pelikulang "Jaguar" na isinulat niya kasama si Jose Maria Flores Lacaba (ipinanganak: 1945), o Pete Lacaba, ginawa sa direksiyon ni Lino Brocka (1939-1991), at ipinalabas noong 1979 (Lumbera). Kahit wala siyang pormal na pagsasanay sa pagsusulat ng script para sa pelikula, humugot si Lee ng kaalaman at technique

mula sa kaniyang pagtatrabaho at pakikisalamuha sa mga batikang direktor na sina Brocka, Ishmael Bernal (1938-1996), Mike de Leon (ipinanganak: 1947), Laurice Guillen (ipinanganak: 1947), at Marilou Diaz-Abaya (1955-2012), ilan sa mga representante ng tinaguriang ikalawang ginintuang panahon ng pelikulang Pilipino (Lumbera). Ilan sa mga obra maestra ni Lee ay ang "Brutal" na ginawa sa direksiyon ni Diaz-Abaya at ipinalabas noong 1980, ang "Salome" na ginawa sa direksiyon ni Guillen at ipinalabas noong 1981, "Moral" na ginawa sa direksiyon ni Diaz-Abaya at ipinalabas noong 1982, ang "Himala" na ginawa sa direksiyon ni Bernal at ipinalabas noong 1982, at ang "Karnal" na ginawa sa direksiyon ni Diaz-Abaya at ipinalabas noong 1983 (Lumbera).

Ayon sa Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng kritisismo na si Bienvenido Lumbera, ang kalakasan at kahusayan ni Lee sa scriptwriting ay nakaugat sa diyalektikal na ugnayan sa kaniyang pagiging naïve at sopistikado (Lumbera). Siya daw ay naïve dahil bunsod sa kaniyang kawalan ng alam sa paggawa ng pelikula, hindi siya nahatak sa agos ng mainstream filmmaking, kaya kaliwa't kanan niyang nilabag ang mga nakaugalian nang paraan ng industriya. Sinabi ni Lumbera: "nagbukas siya ng puwang para sa pelikulang Pilipino na suriin ang mga paksa, karakter at temang napabayaang ng tradisyon" (Lumbera, sariling salin). Siya daw ay sopistikado dahil sa kaniyang bakgrawnd sa literatura, na kaakibat sa kaniyang programang Ingles doon sa Pamantasan ng Pilipinas. Dahil dito nai-angkla ni Lee ang kaniyang mga obra sa "absurdities and profundities" na karaniwang matatagpuan sa mga dakilang obrang panliteratura (Lumbera). "Sinalinan niya ang mga pinakamuhusay niyang *screenplay* ng bigat at lalim na madalang sa isang industriyang nag-aakalang ang pangunahain nitong tungkulin ay aliwin ang kaniyang mga manonood," winika ni Lumbera (Lumbera, sariling salin).

Ang pagpasiya ni Lee na magsulat ng mga nobela ay tila bahagi sa pag-ikot ng kaniyang landas bilang manunulat pabalik sa kaniyang pinagmumulang larangan, ang literatura. Sa

kaniyang pakikipanayam kay Ronald Lim, para sa artikulong "Ricky Lee, Nobelista," ikinuwento ni Lee: "'Sabel', natapos ko ng apat na oras; 'Himala', one month; 'Dubai', two months. 'Para Kay B', one year. 'Amapola', three years. Nagsusulat ako ng script nang sabay-sabay — 'Himala', 'Moral', 'Haplos'. Pero kay Amapola, ito lang talaga. Pero dahil ganon siya kahirap, ganon din siya kasarap. . . Mas fulfilling kasi ang nobela kaysa sa screenplay, kapag natapos mo, hindi mo pa makikitang natapos. Papakialaman pa ng maraming tao. Sa nobela, eto na. Sarado ang fulfillment ko at masarap" (Lim).

Ginamit man ni Lee ang kaniyang pangalan bilang scriptwriter para makahatak ng mambabasa, at ginamit man niya ang kaniyang mga koneksiyon sa industriya ng pelikula at telebisyon para sa magarbong paglunsad ng kaniyang libro doon sa Sky Dome ng SM North EDSA noong 27 Nobyembre 2011, tinanggihan niya ang mga alok na gawing pelikula ang *Amapola*. Sa kaniyang pakikipanayam kay Amanda Lago para sa artikulong "The Unstoppable Ricky Lee," ipinaliwanag ni Lee: "Ang dami kong offers... pero gusto ko muna siya magkaroon ng literary identity for a while bago siya higupin ng pelikula o TV. Sa generation kasi ngayon, this is sad and sana hindi totoo, nava-validate lang sa kanila ang isang bagay 'pag nasa screen...Parang 'di sa kanila totoo ang wala sa loob ng screen...para bang ang kaganapan ng isang magandang nobela ay maging pelikula. Gusto ko muna baguhin 'yun by asserting na nobela ito, may identity siya...Ang tagal ko nang kilala as scriptwriter, sana tawagin akong nobelista" (Lago). Marahil, lubos na ikinatuwa ni Lee ang paggawad sa librong *Amapola* ng Manila Critics Circle noong Nobyembre 2012 ng special prize para sa isang obrang inilimbag ng independiyenteng tagapaglathala.

Itinuturing ko ang nobelang *Amapola* bilang isang kontra-diskursong bakla at hangad kong maipakita at mahimay ang mga tiyak na estratehiyang ginamit ni Lee para hamunin at tibagin ang homopobikong kamalayan nating mga Pilipino. Kaya ang aking sanaysay na ito ay

may dalawang pangunahing seksiyon na sumuri sa mga konteksto at inter-tekstong ginamit ni Lee para banayad na dumaloy ang kaniyang kontra-diskurso, at sa mga tiyak na estratehiyang nabanggit na. Mahalagang linawin sa puntong ito na ang katagang "baklang Manilenyo" na ginamit ko sa pamagat ng aking sanaysay ay tumutukoy sa kolektibo ng mga baklang residente ng Metro Manila, na may mga partikular na sitwasyon ng pagkakaapi at pinaghuhugutan ng lakas na maaaring naiiba sa mga baklang naninirahan sa ibang lokasyon ng bansa. Ngunit hindi ko isinara ang posibilidad na may makukuhang aral ang mga baklang intelektuwal mula sa ibang rehiyon galing sa aking pagsusuri na maaari nilang gamitin at patalasin pa para sa kani-kanilang mga kontra-diskursibong proyekto.

## MGA TEKSTO AT INTER-TEKSTO

Kagaya ng nabanggit ko na, may mga konteksto at inter-tekstong pinakinabangan si Lee para banayad niyang mapadaloy ang kaniyang kuwento at kontra-diskursong bakla. Para sa isang mas malalim at mas pulidong pag-aaral sa kaniyang mga tiyak na kontra-diskursibong estratehiya, mahalagang matingnan natin ang mga nasabing konteksto at inter-teksto. May hindi bababa sa limang panliteratura at pangkultural na konteksto at inter-teksto ang ginamit ni Lee para sa kaniyang obra, at ang mga ito ay: ang modo ng realismo madyiko, ang modo ng postmodernismo, ang lokal na panitikan at araling pambakla, ang pagdagsa ng mga babasahing tungkol sa bampira at taong lobo mula sa Kanluran, at ang paglaganap ng mga comedy bar sa Metro Manila. Maaaring bukod sa mga ito ay may iba pang mga konteksto at inter-tekstong ginamit at pinapakinabangan si Lee, ngunit ang limang ito ay ang pinakamatingkad kong napansin batay sa aking hamak na punto de bista bilang isang kritiko ng kultura at mananaliksik sa pilosopiya at araling Pilipino. Isa-isa kong talakayin nang pahapyaw ang limang konteksto at inter-tekstong ito sa mga kasunod na sub-seksiyon.

## Realismo Madyiko

Ang realismo madyiko, o *magic realism*, o *marvelous realism*, ay umusbong noong 1925 nang pinangalanan ng Alemang kritiko na si Franz Roh ang isang modo ng pagpinta na umiral noon sa Europa sa pagitan ng pagpamayagpag ng Ekspresiyonismo at Suryalismo. Tumawid ang modong ito sa literatura at yumabong sa ilang bansa sa Latin Amerika noong dekada 1960, hanggang tuluyan itong naging “wikang panliteratura,” ayon sa batikang Indiyanong kritiko na si Homi Bhabha, “ng umusbong na mundong postkolonyal” noong dekada 1990 (Hart 1, sariling salin). Ang marka ng realismo madyiko sa literatura ay ang pananatili ng punto de bista ng mundo ng pantasya at mundo ng katotohanan. Sa konteksto ng Latin Amerika kadalasang hinuhugot ng mga realismo madyikong manunulat ang pantasya mula sa kanilang katutubong kultura, habang ang katotohanan, o realismo, naman ay sa kanluraning kulturang ipinataw sa kanila (Moore).

Malinaw na ang presensiya ng mga elemento ng pantasya ang nagpapaiba sa realismo madyiko sa purong realismo. Ngunit ang nagpapaiba sa realismo madyiko sa purong pantasya ay ang pagkakaroon ng isang tagpuan at karamihan sa mga karakter na bahagi sa isang normal at modernong lipunan na sa kabuuan ay sumusunod sa batas ng kalikasan. Ipinaliwanag ni Lindsay Moore sa kaniyang sanaysay sa *Postcolonial Studies at Emory* na: “Habang batid ng mambabasa na ang rasyonal at irasyonal ay magkabaligtad at magkatunggaling mga punto, hindi diskonektado ang mga ito dahil ang supernatural ay nakapaloob sa mga patakaran ng persepsiyon ng tagasalaysay at mga karakter sa piksiyonal na mundo” (Moore, sariling salin). Nang maging panliteraturang wika ang realismo madyiko ng postkolonyalismo, naging abala ito sa pagtibag at pagbaklas sa mga bakas ng kapangyarihan at karahasang kolonyal na nananatili sa dating kolonisadong kultura at lipunan.

Sa kasaysayan ng nobelang Pilipino, may ilan nang manunulat ang gumamit ng modong realismo madyiko, tulad halimbawa nina Cesar

Aquino, Alfred Yuson at Eric Gamalinda. Iginiit pa nga ni Nick Joaquin na sa kaniyang maiikling kuwento ay naunahan pa niya ang mga manunulat sa Latin Amerika sa paglinang ng kaniyang sariling modo ng realismo madyiko.

Matingkad ang pagiging realismo madyiko ng nobelang *Amapola* dahil sa pag-ugnay ni Lee sa dalawang mundo ng pantasya, na hinugot niya mula sa ating kuwentong bayan (*folklore*), at sa katotohanan, na hinugot niya mula sa metropolitang pamumuhay ng mga Manilenyong nagmumula sa iba’t ibang panlipunang antas. Malaking tulong para kay Lee ang hindi pa lubusang naproseso at napagtahing mga kamalayan na binubuo ng mga katutubong kaalaman at modernong punto de bista na dala ng ating kanluraning edukasyon at ekonomiya. Sa kabilang banda, mahirap ituring na tunay na pantasya ang nobelang *Amapola* dahil realistiko ang Metro Manila na ginamit ni Lee bilang tagpuan, realistiko rin ang karamihan sa kaniyang mga karakter, at pati si Amapola mismo ay kumikilos, dumarama at nag-iisip din na parang isang tunay na tao bukod sa kaniyang pagiging isang manananggal. Ibang-iba ang modo ng nobelang *Amapola* kung ihahambing sa mga kahalintulad ngunit lantarang pantasyang kuwento katulad ng *Darna* at *Zsazsa Zaturna*. Kagaya ng mga realismo madyikong akda mula sa dekada 1990, may temang postkolonyal din ang nobelang *Amapola* kung saan nagtangka si Lee na batikusin ang kolonyal na mentalidad at pagkakahumaling sa wikang Ingles ng mga Pilipino. Ngunit normal lamang na hindi ito masyadong nabigyan ng pokus ni Lee dahil mas nakatuon siya sa pagsuri sa pangkasariang politika. Malaki ang tulong ng mga kumbensiyon ng modong realismo madyiko para maihayag nang banayad ni Lee ang kaniyang kuwento at kontra-diskursong bakla.

## Postmodernismo

Tiyak na marami ang magugulat sa kaalamang ang terminong “postmodernismo” pala ay mas matanda pa kaysa terminong “realismo madyiko.” Sa katunayan, taong 1870 pa nang unang ginamit ng Ingles na pintor na si John Watkins Chapman

ang naturang termino para bansagan ang isang estilo ng pagpinta na kilala ngayon bilang "Post-Impresiyonismo." Mula kay Chapman, ginamit ng iba't ibang alagad ng sining, kritiko, historyador at pantas ang parehong termino para pangalanan ang samu't saring kabanata ng kasaysayan at kilusang kultural na uminog at umusbong sa Kanluran. Ngunit noong taong 1970 lamang nagkaroon ang "postmodernismo" ng kaniyang kasalukuyang kahulugan nang ginamit ito nina Susan Sontag, Leslie Fiedler at Ihab Hassan para tukuyin ang isang penomenong umiiral sa kulturang Amerikano, na radikal na bumago, kung hindi man nagsara, sa modo at panahon modernismo. Hindi katulad sa modernismo na umiral lamang sa sining at pilosopiya, ang postmodernismo ay sumaklaw pati na sa mga larangan ng patalastas (advertising), antropolohiya, arkitektura, negosyo, pelikula, teknolohiyang pang-impormasyon at komunikasyon, marketing, agham politika, potograpiya, sosyolohiya at marami pa. Sa pintura, halimbawa, ang sobridad, kontrol at tayog ng modernismo ay hinamon ng mapaglaro at pang-araw-araw na estilo ng postmodernismo. Sa arkitektura, dagdag pa na halimbawa, ang mga simple at kalkuladong modernong estruktura ay pinalitan ng mga pormang may hindi pangkaraniwang angulo at mukha (*façade*) na pinalamutian naman ng mga mga borloloy na hinuhugot mula sa iba't ibang pook, modo at panahon.

Ngunit sa literatura, naging tapat ang postmodernismo sa pagsunod sa mga pangunahing modernong pamantayan, na ayon kay Mary Klages sa kaniyang sanaysay na "Postmodernism" ay binubuo ng "pagbaklas sa pader na naghihiwalay sa matataas at mabababang uri ng sining, pagsantabi sa pagkakaiba ng mga genre, pagbigay diin sa pastiche, parody, bricolage, parikala, at pagkamapaglaro" (sariling salin). Katulad ng modernong literatura, ang postmodernong literatura ay "pumapabor sa reflexivity at self-consciousness, pagkawatak-watak at pagkaputol-putol (lalo na sa mga estruktura ng naratibo), pagkamalabo, simultaneity, at pagbigay halaga sa desktrakturisado, desentralisado, dehumanisadong

karakter" (Klages, sariling salin). Ang pagkakaiba ng moderno at postmodernong literatura ay matatagpuan lamang sa mas malalim na minimithi ng mga mga modong ito. Ayon kay Klages, tila ikinalulungkot ng modernismo ang pagtanghal sa kaniyang destrakturisado, desentralisado at dehumanisadong mga paksa, na madalas ay sinasabayan ng isang pangarap na maaaring maibalik ang estruktura, sentro at pagkataong winasak ng modernong mundo sa pamamagitan ng sining. Subalit sa postmodernismo, bukas loob at mapaglaro raw na tinatanggap ang mga pira-pirasong buhay na dulot ng modernong mundo na walang pagnanais na kumpunihin muli ang mga ito. Bunsod sa pagkakaibang ito, maaaring ituring ang postmodernong literatura bilang isang lisensiya sa pagsusulat ng walang kabuluhang aliw.

Ang depinisyon ng ito ng postmodernismo ang ginawang batayan ng batikang kritiko na si Rolando Tolentino kung bakit niya inuri ang nobelang *Amapola* bilang postmodernong literatura: "walang nilinaw na direksyon, mala-mala ang tinutumbok, mahilig sa surfaces at imahen, magaan basahin kahit walang katiyakan sa kung ano ang nakuha". Tunay namang umaapaw sa pastiche at parody ang naturang nobela. Hindi ba si Amapola ay isang nakatatawang bersiyon ni Darna, na Filipinong bersiyon naman ni Wonder Woman? Ginamit din nang husto ni Lee ang estratehiya ng bricolage, na matutunghayan halimbawa sa mga uri ng wikang tila pinaglalaruan niya. Para sa manunuri ng pelikulang si Joel David, "ang pinakahangahangang nakamtan ng nobelang ito ay ang paghalo-halo sa iba't ibang antas ng Filipino—mula sa pormal (Spanish-inflected) na Tagalog hanggang sa panglungsod at pangkalyeng slang pati na sa pasosyal (pero minsan ay mali-mali) na Taglish at lalo na sa pabago-bagong gay language" (sariling salin). At may mas destrakturisado, desentralisado at dehumanisadong karakter pa ba kaysa baklang manananggal na may multiple personality disorder? Kaya, malaki rin ang tulong ng mga kumbensiyon ng modong postmodernismo para maihayag nang banayad ni Lee ang kaniyang

kuwento at kontra-diskursong bakla. Mahalagang malaman natin na may ilan na ring nobelistang Pilipino na gumamit sa modo ng postmodernismo para sa kani-kanilang mga kuwento, katulad halimbawa nina Jessica Hagedorn, Alfred Yuson, Miguel Syjuco at pati na si Lee mismo sa kaniyang unang nobelang *Para kay B*.

### Ang Lokal na Panitikan at Araling Pambakla

Dahil sa nabanggit nang paghahari ng patriyarkal na kamalayan at ng kaakibat nitong homopobiya noon lamang mga huling dekada ng ikadalawampung siglo nag-umpisang mamumukadkad ang panitikan at araling pambakla sa Pilipinas. Ayon kay Keith Hale, sa kaniyang sanaysay na "Philippine Literature" na inilathala sa *GLBTQ: an Encyclopedia of Gay, Lesbian, Bisexual, Transgender and Queer Culture*, ang mga pangunahing personalidad sa likod ng pagusbong ng mga larangang ito ay sina Danton Remoto, J. Neil Garcia, Tony Perez, Margarita Go-Singco Holmes, at Nicolas Pichay.

Si Remoto (ipinanganak: 1963) ay isang premyadong makata, premyadong manunulat ng sanaysay, premyadong kuwentista, kolumnista, guro sa Ateneo de Manila University, personalidad sa telebisyon, chairman emeritus ng partido Ladlad, at kasapi ng Manila Critics Circle. Sa mga larangan ng panitikan at araling pambakla, kilala siya dahil sa kaniyang koleksiyon ng mga tula na *Skin, Voices, Faces* (1991) at *Black Silk Pajamas* (1996), pati na bilang kapuwa-patnugot ng *Ladlad 1* (1994) at *Ladlad 2* (1996) na parehong mga antolohiya ng literaturang pambakla, at lalo na bilang puwersa sa likod ng partido politikal na Ladlad na tumatayong tagapaglaban para sa mga karapatan at dignidad ng mga Pilipinong tomboy, bakla, silahis at operada. Si Garcia (ipinanganak: circa 1970) ay isang premyadong makata, premyadong kritiko, guro sa University of the Philippines-Diliman, at isa sa mga pangunahing teorista ng araling pambakla sa Pilipinas. Sa nabanggit nang mga larangan, kilala si Garcia dahil sa kaniyang koleksiyon ng tula na *Closet Quivers* (1992), sa kaniyang pagiging kapuwa

patnugot ng nabanggit nang dalawang tomo ng *Ladlad*, at lalo na sa kaniyang dalawang kritikal at teoretikong obrang *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years* (1996), at *Slip/Pages: Essays in Philippine Gay Criticism* (1998).

Si Perez (ipinanganak: 1951) ay isang premyadong kuwentista, manunulat ng dula at awit, pintor, sikolohista at espiritista. Ang kaniyang librong *Cubao 1980 at Iba pang mga Katha* (1992) ay may puwang sa kasaysayan ng panitikang pambakla sa Pilipinas dahil kahit pa man nanatiling nakakahon ito sa patriyarkal at homopobikong punto de bista habang nagsasalaysay ng kuwento ng dalawang call boy sa paligid ng Cubao, ipinakita ni Perez ang posibilidad ng pagsulat at paglathala ng isang novelleta tungkol sa buhay ng mga bakla dito sa Pilipinas. Si Holmes (ipinanganak: circa 1953) ay isang sikolohista, guro sa University of the Philippines, kolumnista, at personalidad sa telebisyon. Mahalaga si Holmes sa larangan ng araling pambakla sa Pilipinas dahil ang kaniyang librong *A Different Love: Being Gay in the Philippines* (1993), na isang koleksiyon ng mga liham na ipinadala sa kaniya at ng kaniyang kaukulang payo at gabay, ay nagbibigay ng siyentipikong kaalaman tungkol sa pagiging bakla sa kaniyang mga mambabasa. Ang kaalamang ito ay nagdulot naman ng inspirasyon, empowerment at liberasyon sa pamumuhay ng mga Pilipinong bakla, lalo na iyong nagmumula sa hanay ng mga propesyonal. Si Pichay ay isang premyadong makata, premyadong manunulat ng dula, at abogado. Kilala siya sa larangan ng panitikang pambakla dahil sa kaniyang koleksiyon ng mga tula na *Ang Lunes na Mahirap Bunuin* (1993).

Kapansin-pansin na ang mga kauna-unahang panitikan at araling pambakla na umusbong noong dekada 1990 ay binubuo ng mga tula, maikling kuwento at mga kritikal at teoretikal na sanaysay. Ang novelleta ni Perez, na siya na sanang pinakamalapit sa antas ng nobela, ay nagkulang naman sa aspekto ng pagiging ganap na panitikang pambakla na susulong sana sa karapatan at dignidad ng mga baklang Pilipino. Lumipas muna ang ilan pang taon bago tuluyang nagkaroon

ang Pilipinas ng nobelang pambakla, at marahil ang unang obra sa genre na ito na sumampa sa estadong best seller ay ang *Orosa-Nakpil, Malate* (2006) ni Louie Mar Gangcuanco (ipinanganak: 1987) na noon ay isa pa lamang mag-aaral sa medisina sa Pamantasan ng Pilipinas-Manila. Hindi lamang karapatan at dignidad ng mga baklang Pilipino ang ipinaglalaban ng nobelang ito, kung hindi pati na ang kamulatan tungkol sa salot na dala ng HIV na madalas bumibiktima sa mga kasapi ng naturang demograpikong pangkat.

Malinaw na sa pagsapit ng ikalawang dekada ng ika-dalawampu't isang siglo, inihanda na nina Remoto, Garcia, Perez, Holmes, Pichay, Gangcuanco at ng iba pang manunulat ang industriya ng panitikan at ang mambabasang Pilipino para sa anumang nobelang pambakla, katulad ng *Amapola* ni Lee.

### **Ang Pagdagsa ng Panitikan tungkol sa Bampira at Taong-Lobo mula sa Kanluran**

Para kay Tolentino, ang paksa tungkol sa mga nilalang sa dilim ay may unibersal na halina at madali itong patunayan sa pamamagitan ng isang pahapyaw na pagsiyasat sa mga kuwentong bayan ng iba't ibang kultura, pati ng isang pagbalik-tanaw sa pag-akyat at paglubog ng naturang paksa sa kulturang popular ng Kanluran. Ngunit ang kasalukuyang pagsikat ng paksa tungkol sa mga aswang, bampira at taong-lobo ay hindi maitatangging dala ng penomenong nilikha ni Stephenie Meyers (ipinanganak: 1973): ang kaniyang mga nobelang *Twilight* (2005), *New Moon* (2006), *Eclipse* (2007), at *Breaking Dawn* (2008). Tiyak na hindi inakala ng Mormon at dating simpleng ginang na natahan na si Meyers at ng sinuman na ang kaniyang serye ay bebenta nang mahigit isang-daang-milyong kopya at magbigay daan sa pagsasapelikula nito, pati na sa pagsilang ng mga kahalintulad na palabas sa telebisyon, kagaya ng *Vampire Diaries*, *True Blood* at *Priest*.

May isang Amerikanang kolehiyala, na nagtatago sa pangalang Star3x8, na nagtangkang magpaliwanag kung bakit naging napakapopular

ang mga kuwento ni Meyers at ng mga kaakibat nitong kuwento at palabas tungkol sa bampira at taong-lobo: "si Meyer ay naghabi ng salaysay hinggil sa bawal na pag-ibig sa isang nilalang na dati ay mapanganib, nagsulat siya ng serye para sa mga teenager, at ang pananaw ng eskapismo ngayong panahon ng recession ay nagtulak sa mga mambabasa na maging interesado sa romantikong pantasya" (Star3x8, sariling salin). Maaaring tama ang kolehiyalang ito, ngunit ano man ang mga tunay na dahilan sa paglanap ng temang bampira at taong-lobo sa kasalukuyang kulturang popular sa kanluran, ang halina ng mga modernong nilalang sa dilim na ito ay mabilis dumagsa sa Pilipinas. Inihanda rin ni Meyers at ng kaniyang mga kapuwa manunulat ng nasabing paksa ang lokal na industriya ng panitikan at ang mambabasang Pilipino para sa pagsulpot na anumang kahalintulad na nobela.

### **Comedy Bar at Kapangyarihang Bakla**

Ang comedy bar, bilang panggabi ngunit general patronage na panlibangang establishment na lumaganap sa Metro Manila, ay nagkataong isa sa mga espesipikong tagpuan ng nobelang *Amapola*. Hindi lingid sa kaalaman ng sinumang Manilenyo na ang mga comedy bar na ito ay sinakop na ng mga baklang singer, stand-up comedian at impersonator. Sa loob ng mga establishment na ito matutunghayan ang isang pansamantalang kapangyarihan ng mga bakla, kung kailan pinupuna at pinagtatawanan nila ang lipunan, ang mga heteroseksuwal na kostumer, ang kultura at mga kaugaliang sa labas ng comedy bar ay karaniwang pumupuna at kumukutya sa mga bakla. "Pang-ookray" ang tawag sa ganitong diskurso sa gay language, kontrolado ng baklang performer/komedyante/impersonator ang kabuuan ng kapangyarihang ito, at bawal mapikon ang sinumang kostumer na matatamaan nito. Sa "pang-ookray" kadalasang maririnig at nabubuo ang pabago-bago at mabilis na uminog na bokabularyo ng gay language sa Pilipinas. Sa loob din ng comedy bar nagkaroon ng pampublikong espasyo ang mga baklang

performer/komedyante/impersonator na talayakin ang kanilang seksuwalidad sa harap ng kanilang mga heteroseksuwal na kostumer.

Humugot si Lee mula sa comedy bar ng hindi lamang isang imaheng gagawin niyang tagpuan, ng hindi lamang mga aspekto ng wikang magdadagdag ng kulay sa mga linyang binibitiwan ng kaniyang mga karakter na bakla. Higit pa sa mga ito, humugot si Lee ng isang uri ng kapanyarihang bakla na dati ay nabubuhay lamang ng ilang oras sa loob ng comedy bar at isinalin niya ito sa kaniyang nobela para tuloy-tuloy na punahin at batikusin ang lipunan at kamalayang patuloy pa ring kumukutya sa mga Pilipinong bakla.

### **MGA KONTRA-DISKURSIBONG ESTRATEHIYA NG AMAPOLA**

Matapos kong mapasadhan ang mga konteksto at inter-tekstong banayad na nagpadaloy sa kuwento at kontra-diskurso ng *Amapola*, handa na akong ilahad at himayin ang mga tiyak na kontra-diskursibong estratehiya ng naturang nobela. May hindi bababa sa limang tiyak na estratehiya ang ginamit ni Lee para labanan ang patriyarkal at homopobikong kamalayan ng mga Pilipino: ang humanisasyon at normalisasyon sa bakla, ang Pilipinisasyon sa bakla, ang pagpapatawa at subersiyon ng pangungutya, ang biyak-biyak na pananaw bilang pangontra sa mga dominanteng metanaratibo, at ang pagpapalaganap sa gay language. Kahalintulad sa nabanggit ko sa naunang seksiyon, maaaring bukod sa limang tiyak na estratehiyang ito ay may iba pang mga estratehiyang nakakubli sa mga pahina ng naturang nobela, ngunit ang limang ito ay ang pinakamatingkad kong natunghayan batay muli sa aking hamak na punto de bista bilang isang kritiko ng kultura at mananaliksik sa pilosopiya at araling Pilipino. Inaamin ko na hindi ako dalubhasa sa araling pambakla kaya bukas ako sa posibilidad na ang ibang iskolar na mas nakatuon sa larangang ito ay may matutunghayan pang ibang mga tiyak na estratehiya. Gayunpaman,

isa-isa kong talakayin ang limang estratehiyang nalikom ko sa mga kasunod na sub-seksiyon.

### **Humanisasyon at Normalisasyon sa Bakla**

Marahil ang pinakakapansin-pansin na estratehiya na ginamit ng nobelang *Ampola* para lusawin, kahit bahagya man lamang, ang patriyarkal at homopobikong kamalayan ng mga Pilipino ay ang pagpahayag sa humanidad at normalidad ng buhay ng isang bakla sa pamamagitan ng pagkuwento sa mga karanasan ni Amapola at sa pagpakita sa kaniyang internal na mundong pinagmumulan at eksternal na mundong ginagalawan. Kung ang homopobiya ay nakabatay sa bias ng mga heteroseksuwal na indibiduwal laban sa mga bakla, bias na naghahadlang sa mga nasabing heteroseksuwal para maiwasto, o mabago, ang kanilang maling stereotype tungkol sa mga bakla; ang proseso ng humanisasyon na tinutukoy rito ay ang pagsantabi sa mga bias at maling stereotype para masilayan ng mga heteroseksuwal na mambabasa ang humanidad ng bakla at mulatin ang kanilang isipan na tao rin pala ang mga bakla; habang ang normalisasyon naman ay ang paggabay sa isipan ng mga naturang mambabasa para makamtan nila ang katotohanang kahit naiiba man ang pamumuhay ng mga bakla, hindi ito nangangahulugang sila ay mga abnormal na indibidwal. Para mailahad ang buhay, internal na mundo, at eksternal na mundo ni Amapola, ginamit ni Lee ang tatlong tagapagsalaysay: si Amapola mismo para sa 29 na kabanata; si Emil, ang *Noranian* na pulis na nag-ugnay kay Lola Sepa at Amapola, para sa isang kabanata; at ang isang third person at omniscient na tagapagsalaysay para sa 35 na kabanata. Sa paggamit ni Lee sa persona ni Amapola bilang tagapagsalaysay sa halos kalahating bahagi ng nobela, naihayag niya nang lubusan ang internal na mundo ng isang bakla.

Ngunit hindi ganoon kadali at kasimple ang pagpasalita ni Lee kay Amapola, dahil hindi maaaring basta na lamang magsasalita ang isang marhinalisadong indibidwal. Ito ay bunsod, ayon sa batikang Indiyang kritiko at teoristang

si Gayatri Chakravorty Spivak (ipinanganak: 1942), sa realidad na sa loob ng lipunan, ang mga makapangyarihang indibidwal lamang ang maaaring magsasalita pati na tungkol sa kalagayan ng mga marhinalisadong indibidwal. Ikinuwento ni Spivak sa kaniyang sanaysay na "Can the Subaltern Speak?" ang pagpapakamatay ng isang dalagang si Bhuvanewari Bhaduri doon sa Hilagang Calcutta noong 1926 dahil sa kaniyang pagkabigong isagawa ang isang asasinasyong iniatas sa kaniya ng kaniyang kinabibilangang armadong grupo (307-308). Para maging malinaw para sa kaniyang pamilya at komunidad na hindi siya nagpakamatay dahil nabuntis siya, itinaon niya ang kaniyang pagpakamatay sa araw kung kailan nireregla siya. Ngunit matapos siyang mamatay, ipinilit pa rin ng kaniyang pamilya at komunidad na nagawa niya iyon dahil siya ay nabuntis. Si Amapola ay marhinalisado hindi lamang sa antas ng kasarian (dahil isa siyang bakla), kung hindi pati na sa antas ng ekonomiya (dahil hindi siya mayaman), kultura (dahil hindi siya edukadong propesyonal kahit pa man nakapagtapos siya ng kolehiyo), at sikolohiya (dahil may multiple personality disorder siya). Hamak na mas marhinalisado si Amapola kapag ihahambing halimbawa kay Dave, ang bida sa nobela ni Gangcuanco na *Orosa-Nakpil, Malate*, dahil bukod na maykaya ang pamilya ni Dave, isa pa siyang matalinong mag-aaral sa medisina. Kaya kahit bakla si Dave, maaari siyang magsalita bilang isang mahusay na mag-aaral sa isang elitistang espesyalisasyon. Paano napasalita nang malinaw ni Lee si Amapola tungkol sa kaniyang buhay, at sa kaniyang internal at eksternal na mundo? Paano nasiguro ni Lee na pakinggan ng mga heteroseksuwal na mambabasa si Amapola at hindi basta na lamang patawan ang kaniyang mga sinasabi ng mga kahulugan at mensahing hinubog ng kanilang mga bias at stereotype laban sa mga bakla, katulad ng ginawa noon ng mga kamag-anak ni Bhaduri?

Kapag ang isang tunay at buhay na baklang performer, o di kaya parlorista, ay bigla na lamang magsasalita sa tabing kalye, o sa loob ng bus

o LRT, marahil hindi nga siya pakikinggan ng mga heteroseksuwal na indibidwal. Kapag siya ay pakikinggan man, malamang papatawan din nila ng ibang kahulugan ang kaniyang tunay na mensahe. Kaya malinaw na humugot si Amapola ng lakas at kapangyarihan para makapagsalita mula sa nabanggit nang mga konteksto at inter-teksto sa naunang seksiyon, lalo na sa postmodernismo, sa lokal na panitikan at araling pambakla, at retorika ng comedy bar. Higit sa lahat, humugot ng lakas at kapangyarihan si Amapola mula sa reputasyon ni Lee bilang isang mahusay na scriptwriter. Dito naiiba ang obra ni Lee sa karamihan ng panitikang pambakla na nailimbag na sa ating bansa, dahil ang mga ito ay madalas binabasa lamang ng mga bakla ring mambabasa. Iba ang puwersa ng babasahin kapag ito ay nakatuon at nakakarating sa mga bakla at heteroseksuwal na mambabasa.

Sa isa pang aspekto, makabuluhan ang pagpili ni Lee kay Amapola bilang tagapagsalaysay at pangunahing tauhan, dahil ipinakita ni Lee na kahit ang isang bakla ay napabibilang sa mabababang antas ng lipunan, na halos wala nang pinagkakaiba sa mga pangkaraniwang parlorista, at sa mga stereotypical na borlology at katawa-tawang espektakulo sa kulturang popular, kakikitaan pa rin siya ng kaniyang tunay na humanidad, normalidad, at karampatang dignidad. Hindi kailangan ng bakla na maging mayaman, o sikat, o matalino, o matagumpay sa buhay para respetuhin ang kaniyang dignidad dahil sapat na ang realidad na tao siya, kaya dapat siyang kilalanin bilang tao. Ito ang nangyari kay Nanay Angie na bukas loob tumanggap sa ulilang si Martina na natagpuan niya sa Marikina Riverbanks, kahit pa man ito ay bakla na pinangalanan niya uli ng "Amapola," kahit pa man may mga alter ego itong sina Isaac at Zaldy, at kahit pa man noong lumaki na siya ay naging isang manananggal pa. Ito rin ang nangyari kay Giselle na patuloy pa ring umibig kay Isaac, kahit nadiskubre niya na isang persona lang pala ito ng isang baklang performer ng isang comedy bar, at kahit nadiskubre niyang isang manananggal pa ang baklang ito.

## Pilipinisasyon ng Bakla

Ang kasunod na estratehiya na ginamit ng nobelang *Amapola* para labanan ang homopobiya at patriyarkal na kaayusan na tatalakayin ko ay hindi kasing agaw-pansin sa nauna nang nabanggit na estratehiya. At ito ay may kinalaman sa paghabi ni Lee sa kuwento ng isang bakla sa mas malalaking naratibo ng bansang Pilipino: ang kuwentong bayan (folklore), kasaysayan, at panlipunang pagsusuri. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ipinapaalala ni Lee sa kaniyang mga mambabasa na Pilipino rin ang bakla na may dignidad bilang kapuwa Pilipino.

Ang kuwento ng aswang at manananggal ay lagapan sa ating kapuluan. Sabi ng karakter ni Zaldy: "*they have different terms for the manananggal in various regions of the Philippines. . . . Abat; awok; boroka; iki; mangalok; wakwak*" (Lee 20). Kadalasang babae ang manananggal, minsan-minsan maaari itong maging isang lalaki, ngunit hindi pa ito naikuwento na naging isang bakla. Dito natin masumpungan na kahit pala sa ating mitolohikong mundo ng mga nilalang sa dilim ay wala ring espasyo ang bakla. Sa pagsiksik ni Lee kay Amapola sa kuwentong bayan tungkol sa mga manananggal, hindi niya lamang ginawan ng puwang ang bakla sa ating mitolohikong mundo ng mga nilalang sa dilim, kung hindi pati na sa ating kuwentong bayan, at pati na rin sa ating kamalayan bilang mga Pilipino. Ganito rin ang epekto ng alamat ng bakla na ikinuwento ni Amapola kay Truman, bagama't hindi kasimbigit dahil ang naratibo ng manananggal ay naroon mismo nakaposisyon sa modo ng realismo madyiko habang ang alamat ng bakla ay isang kuwento lamang sa loob ng isang kuwento. Sa alamat na ito, pinalitan ni Lee sina Malakas at Maganda ng kauna-unahang Pilipinong bakla na pinagsabihan ni Bathala: "sa paglipas ng panahon ay marami ang di makakaintindi sa 'yo. Lalaitin ka at aalipustahin at ida-down, at madalas pa nga ay itatago kang parang isang kasalanang nakakahiya. Pero may ibibigay ako sa 'yong isang regalo—ang karapatan mo na mamili kung ano ang gusto mong maging sino" (Lee 91-92).

Bukod sa paggamit ni Lee sa imahe ng manananggal para mai-angkla ang bakla sa ating kamalayang bayan, ginamit din niya ang parehong imahen bilang metapora mismo ng bakla. Ang paggiging hati ng katawan ng isang manananggal ay isang mabisang simbolo sa pagiging hati sa kasarian ng bakla na para bang kalahating lalaki at kalahating babae. Ang propesiya naman na paulit-ulit binanggit ni Lola Sepa tungkol sa itinakdang manananggal na mamuno sa ibang manananggal para iligtas ang bayang Pilipinas at ipaglaban ang karapatan ng mga manananggal hanggang sa lubusan na silang tanggapin bilang tao at Pilipino ay mabisang simbolo rin sa inasam-asam ng mga baklang Pilipino na matanggap sila ng lipunang sa kasalukuyan ay nakararanas pa rin ng homopobiya. Lalong naging makapangyarihang metapora ang manananggal sa Pilipinisasyon ng bakla dahil may mga pahiwatig si Lee na ito ay simbolo rin ng ating pagiging Pilipino. Sa *front cover* pa lamang ng nobela ay mababasa ang *tagline* na "lahat tayo hati, di nga lang nakakalipad ang iba." Marahil ay sinasagisag ng imahen ng manananggal ang pagkakahati ng ating kamalayan dulot ng kolonisasyon at pagkakahati ng ating kalooban sa usapin ng pagmamahal at pagtataksil sa ating sariling bayan.

Sa pamamagitan ng karakter ni Lola Sepa, naihabi ni Lee ang buhay ng baklang si Amapola sa naratibo ng kasaysayan dahil si Lola Sepa ay hindi lamang nagmumula sa panahon ng mga Kastila, kung hindi naging kaibigan pa niya ang bayaning si Andres Bonifacio at walang takot na tumulong sa mga pagkilos ng Katipunan. Maski ang anak ni Lola Sepa ay buong tapang ding lumaban sa mga Amerikano. Pati na ang kaniyang apo, na nanay ni Amapola, ay sangkot din sa kilusan ng mga aktibista. Dramatikong pinapaalalahanan ni Lola Sepa ang mga mambabasa na may panahon noon sa ating kasaysayan kung kailan may puwang ang bakla sa lipunan. "Ang mga binabae noong panahon niya (Lola Sepa), nagluluto at nagbuburda at minsan pa nga ay kasama rin sa pakikibaka. Itong binabaeng ito (si Amapola), makaya rin kaya nito ang maging matapang na kagaya ng mga kalahi nilang binabae noon?" (Lee 52-53).

Ang pangatlong naratibo na ginamit ni Lee bilang sangkap sa kaniyang pagsasapilipino sa bakla ay ang panlipunang pagsusuri na bumatikos sa ilang kasamaan at kahinaan na bumabalot at lumalaganap sa ating bayan, katulad ng korupsiyon (Lee 3 at 16), ng ating pagkakahumaling sa wikang Ingles at sa mga produktong imported (Lee 23 at 122-123), ng ating paulit-ulit na lamang na pagtataksil sa ating bayan (Lee 56, 71 at 153), ng ating pagtanggap sa panghihimasok ng mga Amerikano (Lee 216), ng dayaan tuwing halalán (Lee 280), ng ating lumalalang sitwasyong pangkapayapaan (Lee 200), at ng ating malabong identidad bilang mga Pilipino (Lee 122-123). Habang pinupuna ng nobela ang mga panlipunang karamdamang ito, palihim at hindi lantarang iminulat ni Lee ang mga mata ng kaniyang mambabasa na kapuwa niya Pilipino ang bakla. Ito ay ginawa niya sa pamamagitan ng pagpaparamdam sa mambabasa na nasa iisang bangka lamang siya kasama ang mga baklang karakter at tagapagsalaysay habang pumapalaot sa maaalong karagatan ng ating lipunan.

Dagdag pa rito, sa pamamagitan din ng mga panlipunang paksa na tinatalakay ng nobela hinahatak ni Lee ang kaniyang mambabasa patungo sa kaniyang liberal na ideolohiya. Kapag sumakay na ang mambabasa sa liberal na diskurso ni Lee, madali nang mulatin ang kaniyang mga mata sa katotohanang Pilipino at tao rin ang bakla, dahil ang ideolohiyang liberalismo ay sadyang mas bukas loob sa kalagayan ng mga marhinalisado kung saan napabibilang ang mga bakla.

### **Pagpapatawa at Subersiyon ng Pangungutya**

Ang pangatlong estratehiya na ginamit ng nobelang *Amapola* para labanan ang homopobiya at patriyarkal na kaayusan na tatalakayin ko ay higit pang mas disimulado kaysa naunang dalawang estratehiya. Ito ay may direktang kinalaman sa nabanggit nang comedy bar bilang konteksto/interteksto ng naturang nobela kung saan humugot si Lee ng isang uri ng

kapanyarihang bakla na dati ay nabubuhay lamang ng ilang oras sa loob ng nasabing comedy bar at isinalin niya ito sa kaniyang nobela para tuloy-tuloy na punahin at batikusin ang lipunan at kamalayang Pilipino. Subersibo ang diskurso sa loob ng comedy bar at ng nobelang *Amapola* dahil binaliktad nito ang direksiyon ng pagpuna, pagbatikos at pangungutya. Kung dati ay ang bakla ang target ng mga prosesong ito, sa loob ng comedy bar at ng nobelang *Amapola* ang lipunan na at ang kaniyang mga heteroseksuwal na mamamayan ang naging target ng naturang mga proseso, at hawak na ngayon ng mga bakla ang kapangyarihang pumuna, bumatikos at mangutya. Dahil sa inaasahang katawa-tawang karanasan, naging katanggap-tanggap ng mga patron at mambabasa ang subersiyong nangyayari sa loob ng comedy bar at nobelang *Amapola*. Sinabi ng karakter ni Amapola: "Marami sa kanila (mga customer ng comedy bar) ay nawalan ng bahay o kamag-anak dahil sa Ondoy at iba pang sakuna pero andito pa rin, habang binabastos mo, lalong tumatawa. Natanggal ka sa trabaho? Iniwan ka na ng asawa? Almoranas? Iwan mo d'yan sa labas. Bawal ang problema dito sa loob!" (Lee 2).

Bukod sa subersibong kapangyarihang ito, may mas banayad ding epekto ang paggamit ni Lee sa pagpapatawa na hindi masyadong nangyayari sa panandalian at maingay na mundo ng comedy bar. Habang tumatawa ang kaniyang mambabasa, ginagabayan niya sila papasok nang papasok sa mundo ng bakla para masilayan nila ang tunay na kalagayan ng mga bakla. Ang pagpapatawa kasi ay paraan din para maisantabi ng mga mambabasa ang kaniyang mga bias at stereotype, at kapag sasamahan o susundan ito ng banayad na pagtatalakay sa pagkatao, at sa internal at eksternal na mga mundo ng bakla, ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa pananaw ng heteroseksuwal na mambabasa tungkol sa bakla, sa kaniyang lipunan, at pati na rin sa kaniyang sarili.

### **Biyak-biyak na Pananaw at ang mga Dominanteng Metanaratibo**

Ang pang-apat na estratehiyang pangontra sa

homopobiya at patriyarkal na kaayusan na sadya man o hinding nakapaloob sa nobelang *Amapola* ay lulutang lamang kapag sisiyasatin ang naturang nobela bilang isang postmodernistang diskurso, lalo na kapag gagamitin bilang lente ang teorya tungkol sa postmodernismo ng pilosopong Pranses na si Jean-François Lyotard (1924-1998).

Ayon kay Lyotard, isa sa mga pangunahing katangian ng postmodernismo ay ang paglaho ng tiwala ng mga tao sa mga metanaratibo, o mga malawak na diskurso na dati ay ginagamit ng modernismo bilang batayan ng pagiging lehitimo ng iba nitong mas maliliit na diskurso at naratibo. Ilang halimbawa ng metanaratibo ay ang siyensiya, pananampalataya, at ang maraming aspekto ng pilosopiya at ideolohiya. Sa pagsantabi ng postmodernismo sa mga metanaratibo, ibinaling nito ang tiwala sa mga maliit na naratibo na walang pagkukunwaring may iba pang batayan ng kanilang pagiging lehitimo maliban sa kultura at panahon na kanilang kinaroroonan. Sa mata ng mga postmodernong indibidwal, ang katotohanan ng mga maliit na naratibong ito ay pansamantala at relatibo lamang at tanggap nila ang mga limitasyong ito na walang kasamang pagnanasa para sa mas permanente at absolutong pamantayan. Ang pagiging bukas-loob ng postmodernong indibidwal at ang kaniyang hindi pagiging mapaghusga sa harap ng samu't saring diskurso, identidad, at paninindigan ay mga sintomas lamang ng kaniyang kawalan ng tiwala sa mga metanaratibo.

Dito sa Pilipinas, kahit may ilang mga bagay at pangyayari na masasabi nating postmodernista katulad na halimbawa sa nobelang *Amapola* at sa arkitektura ng Greenbelt sa Makati, hindi pa lubusang umiiral ang postmodernong pananaw dahil patuloy pang nagtitiwala ang mga Pilipino sa mga metanaratibo. Alalahanin na lang natin ang dambuhalang prusisyon ng Poong Nazareno ng Quiapo at kung paano binalangkas ng ating mga mambabatas ang debate tungkol sa Reproductive Health Bill sa ilalim ng relihiyosong pananaw bilang patunay sa patuloy na bisa ng metanaratibo ng Kristiyanismo. Maging ang patuloy na pamamayagpag ng patriyarkal at homopobiko

nating kamalayan, na sarado ang kalooban at mapanghusga, ay patunay rin na nakapako pa tayo sa maraming metanaratibo ng ating kultura at panahon. Kung sa isang postmodernong lipunan ang isang biyak-biyak (fragmented) na naratibong pampanitikan/pansining ay itinuturing na sintomas ng pagbaling ng tiwala ng kaniyang mga mamamayan mula sa mga metanaratibo patungo sa mas maliliit na naratibo, sa hindi pa postmodernong lipunan maaari ring gamitin ang mga biyak-biyak na naratibong pampanitikan/pansining para hamunin at labanan ang mga patuloy pa ring naghaharing metanaratibo.

Sinadya man ni Lee o hindi ang kaniyang paggamit ng mga biyak-biyak na naratibo nina *Amapola*, ang baklang manananggal na may multiple personality disorder, Lola Sepa, ang time traveler na Amazona na tagapaghatid ng propesiya, Emil, ang pandak na pulis na Noranian na hindi alam ang tunay niyang seksuwalidad, Homer, ang biyudong galit sa mga aswang na umibig din sa aswang, Giselle ang anorexic na model na naging isang matabang dalagang ina, at Trono, ang anti-imperyalistang tuta ng mga Amerikano, ay isang pagpigil sa pagpasok ng mga metanaratibo sa kaniyang piksiyonal na mundo. Ang pagtanggap ng mga biyak-biyak na naratibo ng nobelang *Amapola* sa mga metanaratibo ay isa ring suporta at apirmasyon sa paglaganap ng mga maliit na naratibo, kasama na ang mga alternatibong modelo ng kasarian, pag-ibig at pamilya.

### **Pagpapalaganap ng Gay Language**

Ang huling estratehiya na ginamit ng nobelang *Amapola* para labanan ang homopobiya at patriyarkal na kaayusan na tatalakayin ko ay may kinalaman din sa nabanggit nang comedy bar bilang konteksto/interteksto ng naturang nobela kung saan madalas ginagamit ang gay language ng mga Manilenyo. Isa sa mga kahanga-hangang katangian ng naturang nobela ay ang makulay na paggamit ni Lee sa wikang Filipino. Sa kaniyang pakikipagpanayam kay Susan de Guzman para sa artikulong "Manananggals, Ka Andres, Time

Travel, Gay Love in Ricky Lee's Second Novel," ipinaliwanag ni Lee na "*there are different ways* pala na paggamit ng lenggwahe. Pwede palang i-Taglish, i-swardspeak, pwede palang mag-imbento ng *new words*, gamitan ng iba-ibang bagong kumbinasyon ng Tagalog. Hindi lang pala balarila na napag-aralan sa eskuwelahang na nabo-bore tayo". At sa maraming idyoma sa loob ng nobelang ito ay kapansin-pansin ang gay language na ginagamit ni Amapola bilang karakter at tagapagsalaysay.

Ilan sa mga salitang hinango ni Lee mula sa gay language ng mga Manilenyo ay: "aketch" (ako), "anaconda" (traydor), "anik-anik" (ano-ano), "anofa" (ano pa), "ateng" (ate), "award" (pinagalitan), "bongga" (magarbo), "boringga" (nainip), "boylet" (binata), "bukelya" (buking), "chaka" (pangit), "chakabells" (pangit), "chenelyn" (*whatever*), "chika" (usap), "chipangga" (mura), "chipipay" (mura), "churva" (maliit na usapan), "crayola" (iyak), "daot" (insulto), "dedma" (hindi pinansin), "eclavu" (mahal ko), "etchoz" (*whatever*), "fez" (mukha), "fonda" (sandata), "girlaloo" (babae), "gorah" (punta), "gurang" (matanda), "hairlalo" (buhok), "imbey" (galit), "itetch" (ito), "jebak" (dumi), "jombag" (suntok), "jontis" (buntis), "jowa" (kasintahan), "kabog" (talo), "kadirs" (kadiri), "kafatid" (kapatid), "keber" (walang pakialam), "kinarir" (tinutukan, siniseryoso), "kiyaw" (isang libo), "lafang" (kain), "lamyerda" (lakwatsa), "ligwak" (lagot), "lolita" (lola), "lukresha" (baliw), "lukring" (baliw), "luz valdez" (talo), "majubis" (mataba), "mamita" (mama), "mudra" (nanay), "nega" (negatibong pananaw), "okray" (asar), "planggak" (tama), "purita" (mahirap), "sandata" (ari ng lalaki), "silicone carne" (*silicone implant*), "syokot" (takot), "tarush" (mataray), "trulili" (totoo nga), "utaw" (tao), "wa" (wala), "waley" (wala), "wigaloo" (peluka), at "wit" (hindi). Hindi pa kasama rito ang mga konyong Taglish o Enggalog na pangungusap at parirala na madalas ding ginagamit sa Manilenyong gay language.

Kung ang gay language sa Metro Manila ay umusbong noong dekada 1970 mula sa

kagustuhan ng ilang bakla na ikubli mula sa ibang heteroseksuwal na indibidwal ang kanilang mga paksang pinag-uusapan na madalas ay may kaugnayan sa kanilang naiibang seksuwalidad, ngayon, ang kanilang makulay at mabilis uminog na idyoma ay ginagamit na rin ng ilang mga heteroseksuwal na indibidwal. Sa nobelang *Amapola*, halimbawa, mariringsan natin ang karakter ni Giselle na gumagamit nito, at kahit ang karakter ni Lola Sepa ay naiintriga sa tunog nito (Lee 142 at 176). Ipinaliwanag ni Earvin Charles Cabalquinto, sa kaniyang sanaysay na "Gay Speak: Articulating Philippine Postcolonial Gay Experience," na "ang wika ng komunidad ng mga bakla o *gay speak* na humubog sa kulturang popular ay hindi lamang patunay sa aktibong partisipasyon ng bakla sa lipunan, kung hindi ito ay magpapatunay din na may mga kontra-hegemoniko at simbolikong sangkap katulad ng *gay language* na maaaring magbigay ng panibagong identidad sa loob ng partikular na lipunan" (sariling salin). Ang paggamit ni Lee ng gay language sa kaniyang nobela ay hindi lamang isang mahalagang ambag sa popularisasyon ng idyomang ito, kung hindi isang kontra-diskursibong pakikibaka para igiit sa kaniyang mambabasa ang naging kontribusyon ng bakla sa paghugis ng wikang Filipino at ang kapangyarihan ng baklang identidad.

Mahalagang banggitin sa sub-seksiyon na ito ang implikasyon ng nobelang *Amapola* sa bokabularyo ng araling pangkasarian at ng iba't ibang diskursong pang-akademiko. Sinabi ng kritikong si Ronald Baytan, sa kaniyang sanaysay na "Language, Sex and Insults: Notes on Garcia and Remoto's *Gay Dict*," na isa sa mga dahilan ng pag-usbong ng gay language sa Pilipinas ay ang pagnanais ng mga bakla na mapalitan ang mapanglailait na terminong "bakla" ng hindi kasinsaklap na salita katulad ng "badaf," "baklush," at "baklers" (Casabal 76). Masuwerte si Baytan dahil nagsusulat siya gamit ang wikang Ingles kung saan madali niyang iwasan ang salitang "bakla" at gamitin ang mga categoryang "gay" at "homosexual". Ngunit komplikado ito sa wikang Filipino dahil wala namang

mas katanggap-tanggap na salitang pamalit sa masaklap umanong “bakla.” Ang alternatibong “binabae” na minsan ay ginagamit ng ibang Pilipino bilang eufemismo ay malinaw para kay na Lee na isang salitang hindi na bumabagay sa ating kasalukuyang panahon at ginagamit na lamang ng karakter ni Lola Sepa bilang pantukoy niya sa mga bakla ng kaniyang kapanahunan (Lee 52). Kaya “bakla” ang ginamit na kategorya ni Lee nang ikinuwento niya ang alamat ng bakla, ito rin ang ginagamit ng karakter ni Amapola para sa ilang ulit niyang pagsasalarawan ng kaniyang sarili, at ito rin ang ginagamit ng karakter ni Nanay Angie kapag nagsasalita siya tungkol sa kaniyang mahal na ampong si Ampola (Lee 90-92). Hindi man si Lee ang naunang gumamit sa salitang “bakla” na walang pag-aalinlangang politically correct ba ito, ang kaniyang paggamit muli sa naturang kategorya sa kaniyang nobela ay tiyak na isang malaking tulong sa proseso ng pagbubura sa mapanglait na konotasyon ng naturang salita at sa pagpapalaganap nito bilang isang wasto at angkop na salitang maaaring gamiting sa anumang diskursong moral, siyantipiko at akademiko. Kahalintulad ang ambag ni Lee sa kolektibong pagsuberso noon ng mga Pilipinong Muslim sa dati ring mapanglait na terminong “Moro” na ngayon ay ginagamit nang sagisag ng pakikibaka ng mga Pilipinong Muslim.

## KONGKLUSYON

Sa sanaysay na ito, nasiyasat ko ang mga konteksto at inter-teksto na pinakinabangan ni Lee para mapadaloy niya nang banayad ang kaniyang kontra-diskursong bakla. Una dito ay ang modo ng realismo madyiko na nagbigay sa kaniya ng kumbensiyong ipagtagpi ang mundo ng mga manananggal at ang mundo ng kasalukuyang mga Manilenyo. Pangalawa dito ay ang modo ng postmodernismo na nagbigay sa kaniya ng mga taktikang pastiche, parody, paglalaro sa wika, at pag-eksperimento sa isang karakter na destrakturisado, desentralisado at dehumanisado. Pangatlo dito ay ang lumalaganap na lokal na panitikang pambakla na naghanda sa local na

industriya ng panitikan at sa mambabasang Pilipino para sa anumang nobelang pambakla. Pang-apat dito ay ang dumagsang panitikan tungkol sa bampira at taong-lobo mula sa kanluran na naghanda rin sa lokal na industriya ng panitikan at sa mambabasang Pilipino para sa pagsulpot ng isang nobelang may kinalaman sa pag-ibig at makataong karanasan ng isang nilalang sa dilim. Panglima dito ay ang comedy bar na nagbigay kay Lee ng tagpuan, wika at modelo ng kapangyarihang bakla na ginamit niya sa kaniyang kontra-diskursibong gawain.

Higit na mas mahalaga, hinimay ko sa sanaysay na ito ang mga tiyak na estratehiya na ginamit ni Lee para labanan at hamunin ang naghaharing homopobiya na nakaugat sa mas malalim na patriyarkal na kamalayang Pilipino. Una rito ay ang kaniyang humanisasyon at normalisasyon sa bakla na ang ibig sabihin ay ang pagsantabi sa mga bias at maling stereotype para masilayan ng mga heteroseksuwal na mambabasa ang humanidad ng bakla at mulatin ang kanilang isipan na tao rin pala ang mga bakla, at ang paggabay sa isipan ng mga naturang mambabasa para makamtan nila ang katotohanang kahit naiiba man ang pamumuhay ng mga bakla, hindi ito nangangahulugang sila ay mga abnormal na indibidwal. Pangalawa rito ay ang kaniyang Pilipinisasyon sa bakla, o ang kaniyang paghabi ng kuwento ng isang bakla sa mas malalaking naratibo ng bansang Pilipino, ang kuwentong bayan (folklore), kasaysayan, at panlipunang pagsusuri, para maipaalala niya sa kaniyang mga mambabasa na Pilipino rin ang bakla na may dignidad bilang kapuwa Pilipino. Pangatlo rito ay ang kaniyang paggamit sa pagpapatawa para maisantabi ng mga mambabasa ang kanilang mga bias at stereotype, na sinundan naman niya ng banayad na pagtatalakay sa pagkatao, at sa internal at eksternal na mga mundo ng bakla. Ang ganitong estratehiya ay maaasahang magdulot ng mga pagbabago sa pananaw ng mga heteroseksuwal na mambabasa tungkol sa bakla, sa kaniyang lipunan, at pati na rin sa kaniyang sarili. Pang-apat dito ay ang implikasyon ng kaniyang paggamit ng mga biyak-biyak na naratibo para pigilan ang pag-iral ng mga

metanaratibo sa loob ng nobela at para mabigyan ng pagkakataong maipahayag ng mga maliit na naratibo ang kani-kanilang mga alternatibong pananaw, lalo na tungkol sa identidad at kasarian. Panglima rito ay ang pagsuporta ni Lee sa pagpalaganap ng Manilenyong gay language na maaaring maging isang daan para sa pagtanggap sa mga bakla bilang bahagi ng lipunan.

Sa pamamagitan ng limang tiyak na estratehiya na ginamit ni Lee, naipakita ko na iba't iba man ang kahulugan ng nobelang *Amapola* sa iba't iba nitong mambabasa, walang duda na isa sa mga pinakamatingkad nitong kahulugan ay ang pagiging isang kontra-diskursibong akdang pambakla na humahamon sa laganap at nakaugat nang homopobiya sa kamalayan nating mga Pilipino na may dalang pag-asang sisikat din ang araw kung kailan ang mga bakla nating mga kapatid ay lubusan at bukas loob na nating tinatanggap bilang mga kapuwa tao at kapuwa Pilipino.

## SANGGUNIAN

- Alba, Reinerio. "The Filipino Gayspeak (Filipino Gay Lingo)". *National Commission for Culture and the Arts*. 2006. Web. 19 Enero 2013. <http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?i=289&subcat=13>.
- Benipayo, Camila. "Ricky Lee: In Flight." *The Guidon*. 2012. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://www.theguardian.com/1112/main/2012/01/ricky-lee-in-flight/>.
- Cabalquinto, Earvin Charles. "Gay Speak: Articulating Philippine Postcolonial Gay Experience." *Academia*. Walang petsa. Web. 03 Nobyembre 2012. [http://www.academia.edu/357696/GAY\\_SPEAK\\_Articulating\\_Philippine\\_Postcolonial\\_Gay\\_Experience](http://www.academia.edu/357696/GAY_SPEAK_Articulating_Philippine_Postcolonial_Gay_Experience).
- Carballo, Bibsy. "A 'Manananggal' is the Heroine of Ricky Lee's New Novel." *Philippine Daily Inquirer*. 2011. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://lifestyle.inquirer.net/27855/a-%E2%80%98manananggal%E2%80%99-is-the-heroine-of-ricky-lee%E2%80%99s-new-novel>.
- Casabal, Norberto. "Gay Language: Defying the Structural Limits of English Language in the Philippines." *Kritika Kultura* 11 (2008). Nakalimbag.
- David, Joel. "What Republicans could have learned from Ricky Lee's 'Amapola'." *GMA News Online*. 2012. Web. 25 Disyembre 2012. <http://www.gmanetwork.com/news/story/281633/pinoyabroad/worldfeatures/what-republicans-could-have-learned-from-ricky-lee-39-s-39-amapola-39>.
- De Guzman, Susan. "Manananggals, Ka Andres, Time Travel, Gay Love in Ricky Lee's Second Novel." *Interaksyon*. 2011. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://www.interaksyon.com/article/18143/manananggals-ka-andres-time-travel-gay-love-in-ricky-lees-second-novel>.
- Goodwyn, Hannah. "A Christian Response to Vampire Obsession." *CBN.Com: the Christian Broadcasting Network*. Walang petsa. Web. 29 Disyembre 2012. <http://www.cbn.com/entertainment/screen/goodwyn-vampires-twilight-obsession.aspx>.
- Hale, Keith. "Philippine Literature." *GLBTQ: an Encyclopedia of Gay, Lesbian, Bisexual, Transgender and Queer Culture*. 2002. Web. 25 Disyembre 2012. [http://www.glbtc.com/literature/philippine\\_lit.html](http://www.glbtc.com/literature/philippine_lit.html).
- Hart, Stephen. "Magical Realism: Style and Substance." Hart, Stephen & Ouyang, Wen-Chin, Eds. *A Companion to Magical Realism*. New York: Boydell & Brewer, 2005. 1-13. 2005.
- Klages, Mary. "Postmodernism." *Athenaeum Library of Philosophy*. 1990. Web. 04 Nobyembre 2012. <http://evans-experientialism.freewebspace.com/klages.htm>.
- Lago, Amanda. "The Unstoppable Ricky Lee." *GMA News Online*. 2012. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://www.gmanetwork.com/news/story/247096/lifestyle/literature/the-unstoppable-ricky-lee>.
- Lee, Ricardo. *Si Amapola sa 65 na Kabanata*. Quezon City: Philippine Writers Studio Foundation, 2011. Nakalimbag.

- Lim, Ronald. "Ricky Lee, Nobelista." *Manila Bulletin*. 2011. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://www.mb.com.ph/node/342676/ricky-lee-nobeli>.
- Lumbera, Bienvenido. "Ricardo Lee: A Writer in the Film Industry." *Manunuri ng Pelikulang Pilipino*. Walang petsa. Web. 01 Nobyembre 2012. [http://www.manunuri.com/ricardo\\_lee\\_a\\_writer\\_in\\_the\\_film\\_industry](http://www.manunuri.com/ricardo_lee_a_writer_in_the_film_industry).
- Moore, Lindsay. "Magical Realism." *Postcolonial Studies at Emory*. 1998. Web. 04 Nobyembre 2012. <http://www.english.emory.edu/Bahri/MagicalRealism.html>.
- Pettis, Ruth. "The Philippines." *GLBTQ: an Encyclopedia of Gay, Lesbian, Bisexual, Transgender and Queer Culture*. 2004. Web. 25 Disyembre 2012. <http://www.glbtq.com/social-sciences/philippines,2.html>.
- Spivak, Gayatri Chakravorty. "Can the Subaltern Speak?" In Nelson, Cary & Grossberg, Lawrence, Eds. *Marxism and the Interpretation of Culture*. London: Macmillan. 1998. Nakalimbag.
- Star3x8. "Vampires: Just a Recent Teenage Fad or More?" *Teen Ink: Magazine, Website & Books Written by Teens*. Walang petsa. Web. 29 Disyembre 2012. <http://www.teenink.com/nonfiction/academic/article/304171/Vampires-Just-a-Recent-Teenage-Fad-or-More/>.
- Tolentino, Rolando. "Posthumanismo ng Manananggal at Lipunan." *Pinoyweekly Online*. 2012. Web. 01 Nobyembre 2012. <http://pinoyweekly.org/new/2012/03/posthumanismo-ng-manananggal-at-lipunan/>.
- Woodward, Ashley. "Jean-François Lyotard (1924—1998)." *Internet Encyclopedia of Philosophy: a Peer-Reviewed Academic Resource*. 2002. Web. 18 Enero 2013. <http://www.iep.utm.edu/lyotard/>.

Copyright of Malay is the property of De La Salle University Manila and its content may not be copied or emailed to multiple sites or posted to a listserv without the copyright holder's express written permission. However, users may print, download, or email articles for individual use.